

# Mga Bakuna para sa Kabataan

EDAD 12+

MAHAHALAGANG  
IMPORMASYON

Tagalog

Ang Pfizer-BioNTech lamang ang kasalukuyang awtorisadong bakuna sa COVID-19 para sa mga 12 na taong gulang pataas. Awtorisado ang Moderna at Johnson & Johnson para sa mga taong 18 taong gulang pataas sa panahong ito. Mangyaring siyasatin kung anong tatak ng bakuna ang mayroon sa isang lokasyon bago gumawa ng appointment.

Kung ikaw ay 12 hanggang 17 taong gulang, kailangan mo ng pagsang-ayon mula sa isang magulang o tagapag-alaga para makuha ang bakuna, maliban lamang kung may legal na kalayaan sa magulang (emancipated). Maaaring mayroong magkakaibang kinakailangan ang mga provider para sa pagdokumento ng pagsang-ayon, kaya mangyaring tumawag nang maaga para malaman kung ano ang kinakailangan.

Para sa mga lugar ng maramihang pagpapabakunang pinapatakbo ng Snohomish County Vaccine Taskforce (Taskforce ng Snohomish County para sa Bakuna), maaaring mabakunahan ang mga taong 12 na taong gulang pataas kapag may pagsang-ayon ng magulang o tagapag-alaga para sa bakuna ng Pfizer. Dapat samahan ng magulang o tagapag-alagang nasa wastong gulang ang sinumang wala pang 18 taong gulang sa appointment ng pagpapabakuna para lagdaan ang form ng pagsang-ayon sa mismong lugar. Dapat din nilang dalhin ang pagkakakilanlang nagpapakita ng katibayan ng edad para sa menor de edad, tulad ng lisensya sa pagmamaneho o sertipiko ng kapanganakan. Pare-pareho ang proseso ng pagpaparehistro para sa iba pang kwalipikadong pasyente – maaari silang mag-sign up sa pamamagitan ng mga link sa pagpaparehistro sa <http://bit.ly/snocovaccine> o tumawag sa call center sa 425-339-5278.

Kung nagsign-up ang sinumang wala pang 18 taong gulang para sa isang appointment para sa lugar ng maramihang pagpapabakunang hindi nagbibigay ng Pfizer, asahang ikakansela ang appointment dahil hindi pa awtorisado ang iba pang mga bakuna para sa pangkat ng kanilang edad.

Kasalukuyang isinasagawa ang mga pagsubok ng mga bakuna para sa kabataan. Subalit, malayo pa tayo sa pagkakaroon ng bakuna para sa lahat ng edad.

## Panatilihin ang iba pang mabubuting pagsisikap –

pagsusuot ng mask, pagpapanatili ng distansiya, pag-iwas sa malalaking pagtitipon, paghuhugas ng mga kamay, at paglilinis at pag-sanitize. Mamuno sa pamamagitan ng pagiging magandang halimbawa para mapanatiling malusog ang lahat, bata man o matanda.